JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:
## Pamahalaan



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Fernando O. Buendia
Virlyn B. Polinar

**Editor:** Nelvin S. Jimenez
Helen P. Calla
Katherine S. Suarin

**Tagasuri:** Nelvin S. Jimenez
Helen P. Calla
Katherine S. Suarin

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Fernando O. Buendia

**Tagalapat:** Virlyn B. Polinar

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipapamalas mo ang sumusunod na kaalaman,kakayahan at pag-unawa.

- Natatalakay ang kahulugan at kahalagahan ng Pamahalaan. **(AP4AB-IIIa-I)**



# Balikan

**Panuto**: Piliin ang titik ng tamang sagot.Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ilang bituin ang kumakatawan sa tatlong pangkat ng pulo ng Pilipinas?

   A. 5

   C. 3

   B. 10

   D. 1

2. Sino ang nagdisenyo sa watawat ng Pilipinas?

   A. Marcelo Agoncillo

   B. Jose Palma

   C. Gregorio del Pilar

   D. Emilio Aguinaldo

3. Ano ang ipinahahayag kapag nasa itaas nakawagayway ang pulang kulay ng watawat?

   A. nasa pagdiriwang

   B. nasa kalagitnaan ng pagdarasal

   C. nasa kalungkutan

   D. nasa digmaan

4. Ano-ano ang pangunahing kulay mayroon ang watawat ng Pilipinas?

A. bughaw, pula at puti

B. bughaw, berde at pula

C. puti, dilaw, at pula

D. dilaw, bughaw at puti

5. Sino ang gumawa sa himig ng pambansang awit?

A. Julian Felipe

B. Emilio Aguinaldo

C. Apolinario Mabini

D. Gabriela Silang

6. Kailan unang iniladlad ang watawat ng Pilipinas?

A. Hunyo 12, 1898

B. Hunyo 12, 1979

C. Hunyo 12, 1899

D. Hunyo 21, 1989

7. Saan ito unang iwinawagayway?

A. sa bintana ni Gregorio del Pilar

B. sa bintana ni Emilio Jacinto

C. sa bintana ni Emilio Aguinaldo

D.sa bintana ni Apolinario Mabini

8. May nakilala kang banyaga sa Facebook, at tinatanong ka niya tungkol sa mga sagisag ng iyong bansa. Ano ang gagawin mo?

A. Sasabihin ko sa kanya na iba nalang ang pag-usapan namin.
B. Hihikayatin ko siya na sa halip, ang tungkol sa kanilang bayan nalang pagkukwentuhan namin.
C. Sasabihin kong ang mga bagay tungkol sa lugar nila ang gusto kong malaman.
D. Ikagagalak kong ipagmalaki sa kanya ang mga sagisag ng ating bansa.

9. Ano ang sinisimbolo ng araw sa gitna ng tatsulok sa ating watawat?

A. kaliwanagan ng buhay

B. kaliwanagan ng isip

C. kaliwanagan ng pangarap

D. kaliwanagan ng pagmamahal

10. Ano ang kaugnayan ng mga sagisag ng ating bansa sa pagkakakilanlang Pilipino?

A. Ang mga sagisag na ito ay nag-uugnay sa mga dayuhan.
B. Naiuugnay ng mga sagisag na ito ang ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.
C. Ang mga sagisag na ito ay nag-uugnay natin sa ating mga ninuno.
D. Nag-uugnay ang mga ito sa ating paniniwala.

| Aralin 1 | Pamahalaan |
|---|---|



# Tuklasin

Ang **pamahalaan** ay isang samahan o organisasyong political na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pamahalaan ng Pilipinas, na siya ring pambansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang presidensiyal at demokratiko.Pinamumunuan at pinamamahalaan ito ng isang Pangulo na siyang pinuno ng bansa,katuwang ang pangalawang pangulo.

Ang pamahalaan ay may tatlong magkakaugnay na mga sangay ang **tagapagbatas**,**tagapagpaganap**,at **tagahukom**.Tinatawag din ang mga sangay na ito na lehislatibo, ehekutibo, at hudikatura.

May kani-kaniyang kapangyarihan ang bawat sangay na nakapaloob sa saligang batas ng Pilipinas.Ang sangay nag tagapagbatas ay nasa kapangyarihanng kongreso.Binubuo ito ng dalawang kapulungan:ang **Mataas na Kapulungan o Senado at ang Mababang Kapulungan o Lupon ng mga Kinatawan.**

Ang kapangyarihan ng sangay na tagapagpaganap ay nasa pamumuno ng **Pangulo** samantalang ang sanghay na tagapaghukom ay nasa mga **hukuman**.Nasa ilalim ng pangangasiwa ang Kataas-taasang hukuman ang mababang Hukuman.

## Sangay na Tagapagbatas

Ang ***Sangay nga Tagapagbatas* o** ang **Kongreso** ang gumagawa ng mga batas ng bansa.May dalawang kapulungan ang sangay na tagapagbatas:**ang mataas na kapulungan** at **ang mababang kapulungan**.Ang **Senado** ay ang mataas na kapulungan at ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay ang mababang kapulungan.




Senado ng Pilipinas



Kongreso ng Pilipinas

Bukod sa paggawa ng mga batas,nakasalalay rin sa Kongreso ang pagsasagawa ng mga imbestigasyon at pananaliksik para makatulong sa kanilang mga gagawing batas.Ito rin ang nagsasaysay na ang bansa ay nasa estado ng pakikipagdigmaan.Sa ganitong kalagayan, maaring pagkalooban ng Kongreso ang Pangulo ng kapangyarihan para maisakatuparan ang mga pambansang patakaran.Ang pambansang budyet ay dumadaan din sa pagsusuri ng sangay na tagapagbatas.

Ang mga kapulungan ng sangay na tagapagbatas ay may espesyal na kapangyarihan.Halimbawa, ang pagpapatibay ng mga kasunduan ng Pilipinas sa ibang bansa ay isang kapangyarihan ng Senado at ang pagsasampa naman ng kasong *impeachment* o pagkatanggal sa puwesto ng mtaas na opisyal ay kapangyarihan ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

## Sangay na Tagapagpaganap



Palasyo ng Malacañang

Ang ***Sangay na Tagapagpaganap*** ang tumitiyak na ang mga batas na ginawa ng Kongreso ay naipatutupad upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamyan.Pinamumunuan ng Pangulo ang sangay na ito.Kaagapay niya sa pagpapatupad ng mga batas ang Gabinete na binubuo ng mga Kalihim ng iba't-ibang ahensiya tulad ng Kagawaran ng Edukasyon, Kagawaran ng Kalusugan, Kagawaran ng Paggawa at Empleyo, Kagawaran ng Pananalapi, Kagawaran ng Enerhiya, Kagawaran ng Likas na Yaman at Kapaligiran at marami pang iba.

Batay sa Konstitusyon, ang Pangulo, alinsunod sa pagsang-ayon ng Komisyon sa Paghirang, ang may kapangyarihang humiran ng mga pinuno ng mga kagawaran,embahador,konsul,may ranggong colonel sa sandatahang lakas,at iba pang mga opisyal ayon sa isinasaad sa Konstitusyon.Bilang punong komander ng sandatahang lakas ng bansa,maaring iatas ng Pangulo ang pagsupil sa anumang karahasan,pananalakay, o paghihimagsik; at isailalim ang bansa sa batas militar.

Taglay rin ng Pangulo ang ***veto power*** o ang kapangyarihang tanggihan ang isang panukalang batas na ipinasa ng Kongreso. Siya rin ang pumipili ng punong mahistrado ng Korte Suprema, gayundin sa mababang hukuman, mula sa talaan ng *Judicial Bar Council.*

## Sangay na Tagapaghukom




Kataas-taasang Hukuman


Ang ***Sangay na Tagapaghukom*** ang sangay na nagbibigay ng interpretasyon ng batas.Ang kapangyarihang panghukuman ay nasa ilalim nga katas-taasang Hukuman o Korte Suprema at mababang hukuman.Sa Korte Suprema dumudulog ang sinumang tao na hindi sumang-ayon sa anumang desisyon ng mababang hukuman,maging ang dalawang sangay ng pamahalaan kung may tanong tungko sa legalidad ng batas.

Mahalaga para sa isang bansa ang isang pambansang pamahalaan dahil ito ang nangunguna sa pagbabalangkas ng pamamaraan nga pamamalakad at pamamahala sa bansa.Gayundin, ito ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa mga nasasakupan nito. Bumubuo ang pamahalaan ng nga programa sa iba-ibang larangan na karaniwang nababatay sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Ang pambansang pamahalaan din ang tumitiyak na maunlad ang ekonomiya nga bansa.Kung kaya,ang pamahalaan din ang nangangasiwa sa pambansang badyet.



# Suriin

**Panuto**: Isulat sa loob ng maliliit na bilog ang kahalagahan ng pambansang pamahalaan.






# Pagyamanin

**Panuto**: Isulat ang salitang *wasto* kung tama ang pahayag at *hindi wasto* kung mali ang pahayag sa bawat bilang.


1. Nasasakupan ng pambansang pamahalaan ang buong bansa.
2. May dalawang sangay ng pambansang pamahalaan ng Pilipinas.
3. Ang sangay na tagapagbatas ay binubuo ng mga piling hurado.
4. Pinamumunuan ng Pangulo ng bansa ang sangay na tagapagpaganap.

5. Magkakaugnay ang lahat ng mga sangay ng pambansang pamahalaan.
6. Ang Sangay na tagapaghukom ay kinabibilangan ng mga mambabatas.
7. Ang pambansang pamahalaan ay nangunguna sa pagbabalangkas at pagpapatupad ng mga programa para sa mga mamamayan.
8. Nahahati sa dalawang kapulungan ang Sangay na tagapagbatas.
9. Ang pamahalaan ng Pilipinas ay siya ring tinatawag na pambansang pamahalaan.
10. Tinitiyak ng pambansang pamahalaan ang kapakanan ng mga mamamayan nito maging yaong mga nasa ibang bansa man.



# Gawain

**Panuto:** Isulat sa kahon ang mga kapangyarihan na taglay ng bawat sangay ng pamahalaan.





# Isaisip

**Panuto:** Punan ang patlang at isulat ang inyong tamang sagot.

Ang (1) ________________ ay may pambansang pamahalaan na pinamumunuan ng Pangulo ng bansa. Ang (2) __________ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao nag naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pambansang pamahalaan ay binubuo ng

(3) ____________________, (4) ____________________ at

(5) ___________________.

Ang (6) ___________ ang nagpapatupad ng mga batas. Ang

(7) _________________ ay ang kongreso ng ating bansa na siyang gumagawa ng mga batas. Ang (8) _______________ ang nagbibigay-kahulugan sa mga batas ng bansa.



# Tayahin

**A**.Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ito ay ang sangay ng pamahalaan na siyang gumagawa ng mga batas ng bansa?
   A. Sangay na Tagapagbatas
   B. Sangay na Tagapagpaganap
   C. Sangay na Tagapaghukom

2. Siya ay nagtataglay ng veto power o ang kapangyarihang tanggihan ang isang panukalang batas na ipanasa ng Kongeso.
   A. Kongresista
   B. Pangulo
   C. Senador

3. Ito ay sangay ng pamahalaan na siyang tumitiyak na ang mg batas na ginawa ng Kongreso ay naipatutupad at mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan.
   A. Sangay na Tagapagbatas
   B. Sangay na Tagapagpaganap
   C. Sangay na Tagapaghukom
4. Ano-ano ang tatlong Sangay ng Pamahalaan?
   A. Tagapagbatas, Tagapagpaganap at Tagapaghukom
   B. Tagapagpaganap,Presidential at Tagapagbatas
   C. Tagapaghukom, Tagapagbatas at Senado
5. Ang mga sumusunod ay naglalahad ng Kahalagahan ng pagkakaroon ng Pamahalaan maliban sa isa ito?
   A. Ito ay namumuno sa pagpapatupad ng mga programa para sa nasasakupan
   B. Ito ay nangunguna sa pagbabalangkas ng pamamaraan ng pamamalakad at pamamahala sa bansa.
   C. Ito ay ang pumipili kung sino ang itatalang pangulo ng Pilipinas.

**B.** Hanapin sa Hanay **B**,ang inilalarawan sa Hanay **A**.Isulat ang letra ng tamang sagot.

| **A** | **B** |
|---|---|
| 1. Nangangasiwa sa kapakanang Pangkalusugan ng mga mamamayan | A. Kagawaran ng Edukasyon |
| 2.Nangangasiwa sa Edukasyon sa mga Pribado at Pampublikong paaralan | B. Kagawaran ng Kalusugan |
| 3. Nangangalaga sa mga likas na yaman | C. Kagawaran ng Paggawa at Empleyo |
| 4. Nangangalaga sa kapakanan ng mga Manggagawa. | D. Kagawaran ng Enerhiya |
| 5. Nangangasiwa sa tustos ng kuryente | E. Kagawaran ng Likas na Yaman at Kapaligiran |



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sagutin at ipaliwanag ang sumusunod na mga katanungan. Isulat ang sagot sa ibaba ng bawat tanong. Gawing gabay ang rubriks sa pagsagot upang makuha mo ang mataas na puntos.

**RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (3)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (2)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (1)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |

1. Ano ang Pamahalaan?

***Sagot:***

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

2. Bakit mahalaga para sa isang bansa ang pambansang Pamahalaan?

***Sagot:***

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

3. Sa panahon ngayon na kinakaharap natin ang pandemic dulot ng *Corona Virus.*Ano-ano ang mga maaring gawin upang maiwasan o hindi mahawaan nito?

***Sagot:***

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## Susi sa Pagwawasto:

**Balikan**
1. C
2. A
3. D
4. A
5. A
6. A
7. C
8. D
9. D
10. B

**Suriin**

*siya ang nangangasiwa at lumulutas ng mga problema ng isang bansa.

*siya ang nagpapatupad ng mga batas para sa ikakaginhawa an gating bansa.

*siya ang nagbibigay ng panganagilangan nating mga mamamayan tulad ng paaralan, ospital at marami pang iba.

*siya ang nagtataguyod ng ekonomiya ng bansa

**Pagyamanin**
1. wasto
2. hindi wasto
3. hindi wasto
4. wasto
5. wasto
6. hindi wasto
7. wasto
8. wasto
9. wasto
10. wasto

**Gawain**

Sangay na Tagapagpaganap

*nagpapatupad ng mga batas

Sangay na Tagapagbatas

*ang pambansang badyet ay dumadaan dito.

Sangay na Tagapaghukom

* nagbibigay kahulugan sa mga batas ng bansa

**Isaisip**
1. Pilipinas
2. Pamahalaan
3. Sangay na Tagapagbatas
4. Sangay na Tagapagpaganap
5. Sangay na Tagapaghukom
6. Sangay na Tagapagpaganap
7. Sangay na Tagapagbatas
8. Sangay na Tagapahukom

**Tayahin**

A.
1.A
2.B
3.B
4.A
5.C

B.
1.B
2.A
3.E
4.C
5.D

# *Sanggunian:*


***Book***

- Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral pahina 228-236

***Website***

- https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Ftnt.abante.com.ph%2Fnuclear-program-ng-gobyerno-iimbestigahan-ng-senado%2F&psig=AOvVaw2Def5xh4c5FzIA_qlqVrKi&ust=1610099765107000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCMi9x5vHie4CFQAAAAAdAAAAABAD
- https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fpia.gov.ph%2Fnews%2Farticles%2F1062671&psig=AOvVaw1ek4v1UShGc67pYmkXfcbJ&ust=1610100070298000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCKir5qjIie4CFQAAAAAdAAAAABAX
- https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.sunstar.com.ph%2Farticle%2F1824385%2FManila%2FLocal-News%2FPalace-suspends-work-in-executive-branch-for-National-Family-Week&psig=AOvVaw3G2BkbQGefxn6odj_TIKZl&ust=1610100150612000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCOD43M_Iie4CFQAAAAAdAAAAABAN
- https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.gmanetwork.com%2Fnews%2Fnews%2Fnation%2F729883%2Fhearings-on-urgent-cases-to-continue-amid-courts-reduced-operations-from-march-16-april-15%2Fstory%2F&psig=AOvVaw3WQfQ6Jh44AxZRl7LmphTR&ust=1610100239086000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCNDzk_vIie4CFQAAAAAdAAAAABAD

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.